

Para sa: Gobyerno ng Republika ng Singapore at sa lahat ng pampublikong sektor na kaugnay nito ("ang Gobyerno")

### Sulat ng Deklarasyon ng Pagkawalang Pananagutan

1. Ako, \_\_\_\_\_ (NRIC No / FIN: \_\_\_\_\_), sa pamamagitan nito ay kinikilala na ang Gobyerno ay binigyan ako ng opsyon na palipasin ang aking "movement control measure" o pag-kontrol ng pag-kilos<sup>1</sup> ("SHN") sa isang kuwarto sa nakatalagang pasilidad, at dinedeklara ko gamit ang aking sariling malayang kalooban na sa halip na piliin ito, ay pinipili kong palipasin ang aking SHN na may-kasamang isa pang tao sa isang kuwarto ("Shared Room Accommodation") sa nakatalagang pasilidad sa loob ng nasabing durasyon ng SHN. Kinikilala ko na mayroong mga kaugnay na panganib sa paglipas ng SHN sa Shared Room Accommodation, kasama na dito ang panganib sa kalusugan na mahawa ng mga nakakahawang sakit tulad ng COVID-19, mula sa taong kasama kong magpapalipas ng SHN sa isang kuwarto.
2. Isinaalang-alang na ang Gobyerno ay ang nagayos at nagbayad ng ilang gastusin kaugnay sa aking Shared Room Accommodation para sa SHN ("Support" o Suporta), sumasangayon ako na matali sa mga nakasalalay sa sumusunod:
  - a) Sa pamamagitan nito, tinatalikdan, pinakawawalan, pinatatawad ko at magpakailanman na pinapalaya ang Gobyerno at ang lahat ng ahensya ng pampublikong sektor na kaugnay sa aking Shared Room Accommodation para sa SHN, ang kanilang mga opisyal, ahente at representante (Magkakasama, ang "Releasees" o "Mga Pinakakawalan") mula sa kahit anong responsibilidad, aksyon, pag-angkin, paghahabol, obligasyon at/o pananagutan na manggagaling mula sa kahit anong pagkawala o pinsala (kasama at hindi limitado at hanggang sa pinapayagan ng batas, pisikal na pinsala, inpeksyon, pagkamatay o pinsala sa pag-aari) gawa ng aking sarili or resulta ng aking Shared Room Accommodation para sa SHN.
  - b) Tratatuhin ko ang pagpapakawala ng pananagutan na konpidensyal at hindi ko ipamamahagi sa "third party", nang walang priyor na nakasulat na pahintulot ng kahit na sinong "Releasees" o "Mga Pinakakawalan", ang mga tuntunin at kondisyon ng pagpapakawala ng pananagutan o mga detalye ng kahit na anong "Suporta" na natanggap mula sa "Releasees" o "Mga Pinakakawalan".
  - c) Sumasang-ayon ako na sasagutin ko ang mga gastusin na sasaklawin kung magkukulang ang "Suporta" na natanggap ko mula sa "Releasees" o "Mga Pinakakawalan" sa loob nitong sulat ng deklarasyon ng pagpapakawala ngpananagutan. Karagdangang sumasang-ayon ako na ako ay sa lahat ng panahon ay nag-iisang responsable sa aking pag-uugali, gawain at pagkukulang na may-kaugnay sa aking Shared Room Accommodation para sa SHN, at para sa pag-ingat ng aking mga bagahe, panglabay na dokumento at personal na mga pag-aari.
  - d) Pinakakawalan ko at patuloy kong pinapakawalan ang "Releasees" laban sa kahit na anong pananagutan, pagkawala, pinsala, aksyon, paghiling, paghahabol, gastusin (kasama na dito ang mga ligal na gastusin sa basehan ng buong pakakawala at bayarin ng mga eksperto at konsultant), kabuuan ng pag-areglo, kabuuan ng ibinayad na tatanggapin ng korte, na-tatagal, sasaklaw, binayaran ng o dinanas ng "Releasees" buhat ng o may koneksyon sa aking Shared Room Accommodation para sa SHN.
  - e) Ang kasunduang ito ay pinamamahalaan ng batas ng Singapore. Sumasang-ayon ako na sumailalim sa eksklusibong hurisdiksiyon ng korte ng Singapore.

Nabasa ko ang sulat na ito at buo kong naiintindihan at ako ay sumasang-ayon sa mga nilalaman.

\_\_\_\_\_  
Signatura

\_\_\_\_\_  
Petsa

<sup>1</sup> "Movement control measure" o pag-kontrol ng pag-kilos tukoy sa COVID-19 (Pansamantalang Mga Hakbang) (Kontrol Order) Regulasyon 2020.